Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 10, 1997, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	-	Tagapangulo
Kagawad Ferdinand V. Talens		
Kagawad Angelas D. Bautista		
Kagawad Ramil O. Dimapilis		
Kagawad Jesus S. Dela Cruz		
Kagawad Honesto O. Taytay		
Kagawad Eduardo G. Villamin	-	ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	-	SK Chairman

Absent:

Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ramulfo C. Bernal
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.

KAPASYAHAN BLG. 016
Taong 1997

KAPASYAHANG MULING HUMIHILING KAY ENGR. JACINTO H. MADRIAGA, JR., GENERAL MANAGER NG ORIENTAL MINDORO ELECTRIC COOPERATIVE (ORMECO) INC. SA PAMAMAGITAN NI G. NOLASCO Q. PAZ, AREA MANAGER, ROXAS, SILANGANG MINDORO NG PAG-IINSPEKSYON AT PAGSASAAYOS NG MGA POSTE NG KURYENTE SA BARANGAY ODIONG AT SA IBA PANG LUGAL NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T isang napakalaking bahagi sa pag-unlad ng isang pamayanan ang pagkakaroon ng elektrisidad lalo na sa mga liblib na barangay;

SAPAGKA'T ang bayan ng Roxas ay nabiyayaan ng pailaw na ito na nakapagdulot ng kaalwanan sa mga gawain at malaking tulong sa mga hanapbuhay;

SAPAGKA'T bagama't ganito ang mga pangyayari, isang malaking problema sa ngayon ay ang mga poste ng kuryente na dahil sa matagal nang naitayo ay marami na ang dumupok sa pagbabagu-bago ng panahon;

SAPAGKA'T may mga posteng naitumba ng mga nagdaang bagyo, at sama ng panahon na bagama't ~~Xxxxxxx~~ sa ngayon ay muling makita ang kahinaan na naging dahilan ng pagbagsak tulad ng nangyari sa Barangay Odiong na muntik nang kumitil ng buhay;

SAPAGKA'T ang ganitong kalagayan ng mga poste ng ORMECO sa bayang ito ay mapapansin din sa iba pang mga barangay na kung hindi mabibigyan ng maagap na solusyon ay magdudulot ng

Received by
ROMAN C. ARANO
ISD Manager, ORMECO
18 March 1996

kapahamakan sa buhay at ari-arian ng mga mamamayan ng bayang ito; at

SAPAGKA'T napagkaisahan ng Sanggunianng Bayang ito na itukoy ang problema sa pamunuan ng ORMECO at muling hilingin ang masusing pag-iinspeksyon ng mga poste at maisaayos ang anumang mga kasiraan nito.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na pinangalawahan ni Kagawad Ferdinand V. Talens -

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa pamunuan ng ORMECO, General Manager Engr. Jacinto H. Madriaga, Jr. sa pamamagitan ni Area Manager Nolasco Q. Paz ang pag-iinspeksyon at pagsasaayos ng mga poste ng kuryente sa Barangay Odiong at sa iba pang barangay ng Roxas, Silangang Mindoro para na rin sa kabutihan at kapakinabangan ng mga mamamayan nito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng resolusyong ito kay Engr. Jacinto H. Madriaga, Jr., General Manager, ORMECO, Calapan, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni G. Nolasco Q. Paz, Area Manager, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang maagap na pag-aksyon sa kahilingang ito.

Pinagtibay: 10 Marso 1997

- -

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor/
Presiding Officer

APPROVED:

CELACIO I. YASON
Municipal Mayor

merz/
031497